

OPISYAL NA PAHAYAG

Hulyo 17, 2020

Pakikipag-ugnay: Hotline ng Long Beach Fire Department Arson sa (562) 570-2582

\$20,000 Gantimpala para sa Impormasyon sa Long Beach na Panununog sa Men's Suit Outlet Store

Long Beach, CA— Isang kabuuang \$20,000 ang inaalok bilang isang gantimpala para sa impormasyon na makapagpapakilala at pag-aresto sa mga responsable sa pagsimula ng maraming apoy na sumira sa maraming mga negosyo sa Long Beach. Ang Lungsod ng Long Beach ay mag-aambag ng \$10,000 at ang Bureau ng Alkohol, Tabako, Firearms at Explosives (ATF, inisyal sa Ingles) ay nag-aambag sa paunang \$10,000.

“Kami ay nakatuon sa pagtulong sa mga nasira na negosyo upang muling maitayo,” sabi ni Mayor Robert Garcia. “Bilang isang Lungsod, patuloy din tayo na magtatrabaho upang makilala ang mga taong responsable para dito upang makagawa tayo ng aksyon, at kailangan natin ang tulong ng komunidad.”

Ang \$10,000 na paggasta ng Lungsod para sa gantimpala ay nagkaisang inaprubahan ng Konseho ng Lungsod noong Hulyo 7, 2020.

Ang isa sa mga sunog ay nagsimula sa paligid ng 10 p.m. noong Mayo 31, 2020, sa Men's Suit Outlet, na matatagpuan sa 655 Pine Ave., sa panahon ng pag-aalsa sa sibil. Ang ebidensya ng video ay nagpapakita ng maraming mga suspek na palapit sa negosyo at inihagis ang dalawang mga incendiary na aparato(karaniwang tinutukoy bilang Molotov cocktails). Ang sunod-sunod na sunog ay sumira sa gusali at sa limang mga negosyo na nagpapatakbo sa labas ng gusali. Ang kawalan dahil sa apoy na ito lamang ay na-estimado na \$5,176,200.

Ang ebidensya ng video ay nagpapakita ng parehong hindi kilalang suspek na naghahagis ng mga nakakasunog na aparato at paninira sa Pacific Travel Insurance and Income Tax na matatagpuan sa 951 Pine Avenue, pati na rin sa Burger King, na matatagpuan sa 127 W. 4th St.

Ang pagsisiyasat na ito ay isinasagawa nang magkasama ng Long Beach Fire Department at ATF Los Angeles Field Division. Maaaring makita [online](#) ang mga video footage ng mga suspek. Ang sinumang may impormasyon sa mga hindi kilalang suspek o impormasyon sa mga sunog na nakalista sa itaas ay hinihikayat ng kontakin ang Hotline ng Long Beach Fire Department Arson sa (562) 570-2582.

Nakalakiap ang mga larawan ng mga suspek na naghagis ng mga nakakasunog na aparato sa Men's Suit Outlet sa Long Beach, Mayo 31, sinira ang tindahan at maraming mga katabing negosyo.



Tungkol sa Lungsod ng Long Beach

Tahanan ng humigit-kumulang na 470,000 katao, ang maramihang award-winning at makabagong Lungsod ng Long Beach ay nag-aalok ng lahat ng mga world-class na amenidad ng isang malaking metropolitan na lungsod habang nagpapanatili ng isang pakiramdam ng indibidwal at magkakaibang kapitbahayan na magkakasama sa baybayin ng California. Bilang isang buong-serbisyong charter na lungsod, ang Long Beach ay tahanan ng Queen Mary, Aquarium of the Pacific, maraming mga museo at sinehan, isang mataas na rating na school distrito, Long Beach Airport at ang Port of Long Beach. Ang Lungsod ay mayroon ding iginagalang na unibersidad at kolehiyo ng lungsod, dalawang makasaysayang rancho, limang ospital, limang golf course, 171 parke, milya ng mga beach, mga marina, at mga landas ng bisikleta.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Lungsod ng Long Beach, bumisita sa <http://longbeach.gov/>. Sundan kami sa social media upang malaman ang pinakabagong balita: [Facebook](#), [Twitter](#), [Instagram](#) at [YouTube](#).

###